Nakita ko ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagpupunas sa ibabaw ng sandal nito

Ayon kay Abdu Khayr,buhat kay`Ali malugod si Allah sa kanya,ay nagsabi; Kung ang Relihiyon ay (nakabatay lang)sa opinyon,ang pagpupunas sa ilalim ng sandal ay mas nararapat sa ibabaw nito,at katotohanang ((Nakita ko ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagpupunas sa ibabaw ng sandal nito))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ipinapahayag ni `Ali-malugod si Allah sa kanya-na kung ang Relihiyon ay nakabatay lamang sa pag-iisip at hindi sa nakasulat,ang pagpupunas sa ilalim ng sandal ay mas nararapat sa pagpunas,sa ibabaw nito;sapagkat ang ang ilalim ng sandal ay deretsong nakaapak sa lupa at mga basura at dumi,kung-kaya`t ito ay mas nararapat sa pagpunas mula sa pagbabatay sa pag-iisip,Ngunit ang batas (ng Islam) ay sumasalungat rito.Kaya`t ang pagsasagawa rito at pag-iwan sa opinyon na sumasalungat sa nakasaad sa Qur-an.At katotothanan na nakita niya ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagpupunas sa ibabaw ng sandal,at ang ginawa nito ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan aykatanggap-tanggap sa pag-iisip sa kabilang dako,sapagkat kapag pinunasan niya ang ilalim ng sandal nito gamit ang tubig ay magiging dahilan sa pagdadala nito ng dumi,kaya`t`ginawa na ang pagpupunas ay sa ibabaw nito upang tanggalin ang mga nakadikit rito na alikabok;sapagkat ang ibabaw ng sandal ang siyang nakikita,kung-kaya`t ang pagpupunas rito ay mas nararapat,at ang lahat ng Hatol sa Batas ng Islam ay hindi sumasalungat sa matinong kaisipan,ngunit minsan, ito ay naitatago sa mga nagmamay-ari ng kaisipan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8390